# CHILD OUTCOME SUMMARY (BUOD NG RESULTA NG BATA, COS) FAMILY PREPARATION WORKSHEET (WORKSHEET SA PAGHAHANDA NG PAMILYA) EARLY SUPPORT FOR INFANTS AND TODDLERS (MAAGANG SUPORTA PARA SA MGA SANGGOL AT BATA, ESIT)

## Ang Pangunahing Pag-unlad ng Iyong Anak

Ikaw at ang iyong team ng mga provider ang magpapasya kung paano nakikilahok ang iyong anak sa mga ordinaryong rutina at aktibidad ng pamilya sa praktikal na paraan. Halimbawa, maaaring ilang salita lang ang ginagamit ng anak mo pero mayroon itong ibang mabisang paraan sa pakikipag-ugnayan sa iyo, tulad ng sign language, mga tunog, paghila ng iyong kamay o pagturo.

Gagamitin mo at ng iyong team ang impormasyong alam ninyo bilang eksperto sa iyong anak. Isasaalang-alang rin ninyo ang obserbasyon, mga tool sa pagsusuri at higit pa ng mga propesyonal at iba pang tagapag-alaga. Para magtagumpay sa tahanan, komunidad at iba pang lugar ang mga bata, gaya ng child care o preschool, kailangang matatag ang kanilang mga kasanayan sa tatlong larangan:

1. Mga positibong relasyon sa lipunan
2. Pagkatuto at paggamit ng mga bagong kasanayan
3. Paggawa ng aksyon para matugunan ang kanilang mga pangangailangan

## Ano ang mga Pangunahing Kasanayan?

Sa halip na alamin lang kung anong mga kasanayan mayroon ang anak mo, gusto nating malaman kung paano niya ginagamit ang mga ito sa buong araw para magawa ang mga bagay na mahalaga sa kaniya. Halimbawa, mahalagang malaman kung ilang salita na ang kayang sabihin ng anak mo, pero mas mahalagang malaman kung paano niya ginagamit ang mga salita para sabihin sa iyo na gusto niya ng pagkain o para pangalanan ang mga larawan sa isang aklat.

## Ano ang Decision Tree?

Tutulong sa iyo at sa iyong team ang Decision Tree na pumili ng pahayag na pinakanaglalarawan sa pagganap ng anak mo sa tatlong larangan na inilista sa itaas kumpara sa ibang bata na kaedad nito. Gagamitin namin ng impormasyong ito para magpasya kung anong mga serbisyo ang makakatugon sa iyong mga pangangailangan at gagawa kami ng plano para sa iyo at sa anak mo.

## Mga Bagay na Dapat Tandaan Habang Ginagamit ang Decision Tree

- Isipin kung paano ginagamit ng bata ang mga pangunahing kasanayan para makibahagi sa mga pang-araw-araw na aktibidad sa iba't ibang lugar at kasama ang iba't ibang tao.
- Dapat magkatugma ang pahayag na gagamitin ng team at ang pagganap ng iyong anak batay sa:
    - Mga inaasahan sa anak mo sa mga partikular na kalagayan. Gamitin ang mga karaniwang inaasahan sa iyong tahanan upang magpasya kung naaangkop ang pagganap ng iyong anak sa tahanan sa antas na inaasahan para sa kaniyang edad.
    - Kaniyang paggamit ng mga pantulong na teknolohiya/mga adaptation (mga hearing aid, salamin, tulong sa paggalaw, atbp.) kung karaniwang available ang mga ito. Kaniyang aktuwal na pagganap sa anumang kalagayan, hindi ang kaniyang pagganap sa ilalim ng magandang kalagayan habang gamit nito ang teknolohiya.
    - Ang magkakasunod na edad ng anak mo, kahit na ipinanganak ito nang maaga.



CHILD OUTCOME SUMMARY (BUOD NG RESULTA NG BATA, COS) FAMILY PREPARATION WORKSHEET (WORKSHEET SA PAGHAHANDA NG PAMILYA)
EARLY SUPPORT FOR INFANTS AND TODDLERS (MAAGANG SUPORTA PARA SA MGA SANGGOL AT BATA, ESIT)

# Worksheet ng Pamilya: Pagsusuri sa Pag-unlad ng Anak Ko

## Tutulungan ka ng worksheet na ito na isipin ang mga kalakasan at pagkakataong umunlad ng anak mo

Punan ang mga puwang sa ibaba ng mga bagay na nakita mong ginagawa ng iyong anak sa tatlong larangan ng pag-unlad na ito. Isaalang-alang ang mga kasanayang kasalukuyang taglay ng anak mo *at* ang mga kasanayang sa tingin mo ay mahalagang matutunan nito. Mahalagang kasama sa pagtatasa at talakayan ng IFSP team ang alam at pinaniniwalaan *mo* tungkol sa iyong anak.

| | Kung paanong ang anak ko ay... | Ang mga kalakasan ng anak ko ay... | Ang mga pagkakataong umunlad ay... |
|---|---|---|---|
| **1: Mga Positibong Relasyon sa Lipunan** | • Nakikitungo sa iba<br>• Nagpapakita ng emosyon<br>• Tumutugon sa paghawak<br>• Nananatiling interesado sa isang aktibidad kasama ang ibang tao<br>• Lumilipat sa susunod na aktibidad<br>• Umaasal kapag gusto niya ng karagdagang atensyon<br>• Nakakaunawa sa mga rutina at inaasahan<br>• Tumutugon habang naglalaro<br>• Pinangangasiwaan ang pagkabigo | | |
| **2: Pagkatuto at Paggamit ng mga Bagong Kasanayan** | • Gumagamit ng mga salita sa pang-araw-araw na kalagayan<br>• Nakalulutas ng mga problema (kunin ang isang bagay na hindi niya abot)<br>• Nakauunawa at/o tumutugon sa mga utos at kahilingan<br>• Gumagaya sa iba<br>• Sumasagot sa mga tanong<br>• Gumagamit ng mga aklat, larawan, bagay | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **3: Paggawa ng Aksyon para Matugunan ang Kanilang mga Pangangailangan** | • Pinangangalagaan ang mga pangunahing pangangailangan<br>• Ipinapaalam ang gusto at kailangan nito<br>• Ipinapakita kamalayan sa panganib<br>• Inililipat ang kaniyang sarili sa iba't ibang lugar<br>• Ginagamit ang kaniyang mga kamay sa paglalaro ng mga laruan | | |
| **Mga Karagdagang Tanong na Isasaalang-alang** | | • Anong mga aktibidad o uri ng tao ang nai-enjoy ng anak ko?<br>• Paano ipinapaalam sa akin ng anak ko kung ano ang gusto niya?<br>• Kailan pinaka nakikipagtulungan ang anak ko?<br>• Ano ang nagpapakalma sa anak ko? | • Anong mga aktibidad o uri ng tao ang ayaw ng anak ko?<br>• Paano ipinapaalam sa akin ng anak ko kung ano ang ayaw niya?<br>• Ano ang nakakatakot sa anak ko?<br>• Ano ang nakakagalit sa anak ko? |